# Accessible B.C. Act: 2023–2024 Progress Report (Ulat ng Pagsulong)




British Columbia

# Mga Nilalaman

**Accessible B.C. Act:**
2023–2024 Progress Report (Ulat ng Pagsulong)........................**7**

**Bahagi 2:** Pagkilala at Pananagutan..........................................**8**
AccessAbility Week............................ .......................**8**

**Bahagi 3:** Mga Accessible na Organisasyon...........................**10**
Ang Accessible B.C. Regulation..............................**10**
Accessibility sa Gobyerno ng B.C. ..........................**12**

**Bahagi 4:** Accessibility Standards...........................................**24**
Accessibility Standards Development....................**24**
Paglahok ng mga Indigenous na Tao ...................**25**
Pamumuno ng B.C. para Itaguyod ang Pambansang Kolaborasyon saAccessibility .................................**26**

**Appendix 1:** Accessibility Plan Reporting
2022-23, 2023-24 ..............................................................**28**

# Mensahe mula kay Sheila Malcolmson, ang Minister of Social Development and Poverty Reduction

Nais nating magkaroon ng mabuting buhay ang mga táong may mga kapansanan at lubos na makalahok sila sa kanilang mga komunidad.  Ang bawat tao ay nagbebenepisyo kapag ang ating mga komunidad ay inklusibo at kapag ang lahat ng mga tao ay may access sa mga oportunidad.

Sinabi sa amin ng mga táong may mga kapansanan na marami silang iba't-ibang mga hadlang na hinaharap araw-araw. Ito ang dahilan kung bakit sinimulan namin ang Accessible British Columbia Act at pinagsisikapan naming isagawa.

Nagagalak akong isumite ang ulat na ito na nagbabahagi ng aming mga nagawa noong 2023-24 fiscal year, kabilang na ang mga mahahalagang hakbang na isinagawa ng gobyerno para tugunan ang mga hadlang sa accessibility sa B.C.

Maraming mga grupo at mga organisasyon ang nagsikap na tumupad sa Accessible B.C. Regulation para pahusayin ang accessibility sa loob ng kanilang mga organisasyon at para sa mga komunidad na pinagsisilbihan nila. Nagpapasalamat kami sa kanila. Ang isang mas accessible at mas inklusibong B.C. ay posible lamang kapag ang gobyerno, mga tao, at ang mga organisasyon ay nagtutulong-tulungan, at alam namin na marami pang kailangang gawin.

Sa nakaraang taon ay pinagsikapan ng aming Provincial Accessibility Committee na imungkahi ang kauna-unahang accessibility standards ng B.C. – ang employment accessibility and accessible service delivery standard. Nagpapasalamat ako sa trabahong ginawa ng komite at pinananabikan kong matanggap ang mga rekomendasyon sa standards sa darating na taon pagkatapos naming kolektahin ang input mula sa publiko.

Sa ulat na ito ay ipinagdiriwang namin ang aming mga tagumpay, natututo kami mula sa aming nagawa, at kinikilala namin kung ano pa ang maaari naming pabutihin. Habang papasók tayo sa huling taon ng pagsagawa ng unang accessibility plan ng gobyerno sa ilalim ng Act o Batas, patuloy kaming makikipagtulungan sa mga partner para masigurado na ang aming susunod na plano ay nakasalig sa ating mga nagawa at patuloy na makakagawa ng mas accessible na province para sa lahat.



# Mensahe mula kay Susie Chant, ang Parliamentary Secretary for Accessibility

Bilang Parliamentary Secretary for Accessibility, ako'y dedikadong gawing mas accessible ang British Columbia para sa mga táong may iba't-ibang mga kakayahan at naging kasiya-siya  na makitang ipinagdiriwang at binibigyang-priyoridad sa buong gobyerno ang mga pagsisikap para magkaroon ng accessibility.

Marami na ang nagawa para ipatupad ang Accessible British Columbia Act.  Sa buong province, inilalaan ng mga organisasyon ang resources para maunawaan at malaman kung anu-ano ang mga hadlang sa lahat ng aspeto ng buhay, at matanggal at mahadlangan ang mga ito.

Kinikilala din namin ang maraming mga táo sa province na may mga kapansanan at na patuloy na nagtuturo at nakikipagtalakayan sa amin habang isinasagawa namin ang utos na ito. Sa diwa ng "walang tungkol sa atin kapag wala tayo", patuloy kaming makikipagtulungan sa mga táong may mga kapansanan para masigurado na binibigyang-pansin ng aming trabaho ang kanilang karanasan. Lubos kaming nagpapasalamat sa kanilang patnubay at lakas habang patuloy naming tinutukoy kung ano ang mga hadlang at habang tinatanggal namin ang mga hadlang na naglilimita sa buong paglahok ng mga tao sa lipunan.

# Accessible B.C. Act: 2023–2024 Progress Report (Ulat ng Pagsulong)

Ang Accessible British Columbia Act (the Act) ay nagtatatag ng balangkas para sa gobyerno nang makipagtulungan sila sa mga táong may mga kapansanan para matukoy, matanggal, at maiwasan ang mga hadlang sa buo at pantay na paglahok ng mga táong may mga kapansanan. Ang gobyerno ay nasa pangatlong taon ng pagsasagawa nito.

Ang pangatlong progress report na ito ay nagbibigay ng update sa pagpapatupad ng Act sa fiscal year 2023-24. Ang report ay naka-organisa sa mga bahagi tulad ng nakasulat sa Act at ito'y nagbibigay-diin sa mga aksyon sa ilalim ng Bahagi 2: Pagkilala at Pananagutan; Bahagi 3: Mga Accessible na Organisasyon, at Bahagi 4: Accessibility Standards.



# Bahagi 2: Pagkilala at Pananagutan

## AccessAbility Week

Bawat taon, sa huling linggo ng Mayo, iprino-promote ng AccessAbility Week ang inclusion at accessibility para suportahan ang buong paglahok ng bawat tao sa kanilang mga komunidad.  Ito rin ay isang oportunidad para pag-isipan at i-highlight ang mga kontribusyon ng mga táong may mga kapansanan sa kanilang mga komunidad, at ang mga tao at mga organisasyon na sumusuporta sa kanila.

Noong 2023 ay ipinagdiwang ng province ang AccessAbility Week sa pamamagitan ng paglaan ng mahigit sa $25 milyon sa mga organisasyon na nag-aalok ng mga serbisyo at suporta para sa mga táong may mga kapansanan.  Ang mga taga-British Columbia ay nagbenepisyo mula sa mga pinalawak na proyekto at mga programang nagbawas ng mga hadlang at nagtaguyod sa inclusion sa mga komunidad, at sa mga karagdagang alternatibong sistema ng komunikasyon, at suporta sa pangkatawan at pangkaisipang kalusugan at sa kabutihan ng mga táong may kahirapan sa mobility.

Noong AccessAbility Week ay naglaan ang gobyerno, sa pamamagitan ng Disability Alliance BC (DABC), ng $500,000 sa 12 non-profits para suportahan ang mga proyekto sa accessibility sa kanilang mga komunidad.  Ang bawat organisasyon ay tumanggap ng halagang $13,500 hanggang $40,000 para sa mga proyekto sa iba't-ibang mga sektor, mula sa mga pinalawak na inklusibong oportunidad sa edukasyon sa sining at kultura at kalikasan hanggang sa accessible na transportasyon para sa mga táong dumaranas ng mga hadlang sa mobility.

## Kamalayan

Bukod pa sa pagdiriwang ng AccessAbility Week, kinilala rin ng gobyerno ang iba't-ibang mga pagdiriwang sa mga isyu ng accessibility at kapansanan, at inisyu nito ang mga proklamasyon para sa: Autism Acceptance Month sa Abril, Brain Injury Awareness and Deaf Blindness Awareness Month sa Hunyo, Disability Employment Month sa Setyembre, Registered Disability Savings Plan Awareness Month sa Oktubre, at Indigenous Disability Awareness Month sa Nobyembre.

Bilang pagbigay-karangalan sa Disability Employment Month sa Setyembre, inanunsyo ng gobyerno ang $4 milyon na funding para sa National Institute of Disability Management and Research (NIDMAR) nang suportahan ang mga táong may mga kapansanan habang sila'y nagre-recover at bumabalik sa trabaho, at $1 milyon sa CanAssist para magdibelop ng assistive technologies na tumutupad sa mga ispesipikong pangangailangan ng mga táong may mga kapansanan nang sila'y makapagtrabaho.

# Bahagi 3:
# Mga Accessible na Organisasyon

Itinatakda ng Bahagi 3 ng Act ang accessibility requirements para sa mga organisasyon ng gobyerno at sa mga reguladong organisasyon. Kabilang sa tatlong requirements ang pagbuo ng isang accessibility committee, paglikha ng isang accessibility plan, at pagdibelop ng tool para makakuha ng feedback mula sa publiko hinggil sa mga hadlang sa accessibility.

## Ang Accessible B.C. Regulation

Noong Abril 2022 ay pinagtibay ng Government Accessible B.C. Regulation na nag-uutos sa 788 organisasyon ng pampublikong sektor na tuparin ang Bahagi 3 requirements.

- 755 organisasyon, kabilang na ang local governments, post-secondary institutions, school districts and independent schools, public libraries at ilang mga korporasyon at ahensiya ng Crown ay inutusang tumupad sa Bahagi 3 ng Accessible B.C. Act hanggang sa Setyembre 1, 2023.
- 33 organisasyon, kabilang na ang mga awtoridad sa kalusugan, mga tribunal, at ilang mga korporasyon at ahensiya ng Crown ay inutusang tumupad sa Bahagi 3 ng Accessible B.C. Act hanggang sa Setyembre 1, 2024.

Nirerequire ng regulasyon ang mga organisasyon na magdibelop ng mga plano, mga paraan ng pagbigay ng feedback, at mga komite na nagtratrabaho para sa kanilang mga komunidad, at na ibagay ang kanilang approach sa plan, sa komite, at sa feedback tool sa paglipas ng panahon gamit ang feedback mula sa mga táong may mga kapansanan. Ang mga organisasyon ay hinihikayat na gawin ang trabahong ito sa paraang flexible at alinsunod sa kanilang sitwasyon.

Ang gobyerno ay naglaan ng $3 milyon na hahatiin sa tatlong taon sa Disability Alliance BC (DABC) bilang suporta sa mga organisasyon. Ang iba't-ibang resources, kabilang na ang toolkits at guides, ay ginawang available sa BC Accessibility Hub website.

**NANG MAY SUPORTA MULA SA ACCESSIBILITY DIRECTORATE AT MGA PARTNER** sa DABC, SPARC BC, ng Rick Hansen Foundation at ng Canucks Autism Network, nag-host si Minister Sheila Malcolmson ng isang Walk-and-Roll Accessibility Tour sa Union of BC Municipalities Conference noong Setyembre 2023. Tiningnan ng tour na ito kung paano kilalanin, tanggalin, at iwasan ang iba't-ibang mga hadlang sa accessibility. Natutunan din ng mga kalahok kung ano ang resources at suportang available para sa local governments upang maitaguyod ang mga inisyatibo sa accessibility.

# Accessibility sa Gobyerno ng B.C.

## Provincial Accessibility Committee

Ang Provincial Accessibility Committee (PAC) ay nagsusuporta sa pagpapatupad ng Accessible B.C. Act sa pamamagitan ng pagdibelop at pagrekomenda ng accessibility standards at pagbigay ng payo sa gobyerno tungkol sa mga bagay na may kinalaman sa accessibility at inclusion.  Ang PAC ay itinatag noong Disyembre 2021 at ito'y binubuo ng 11 miyembro na itinakda ng Minister of Social Development and Poverty Reduction.

Simula Enero 2023 ay nakikipagtulungan ang PAC sa mga technical committee para magdibelop ng initial draft recommendations para sa accessible service delivery at employment accessibility standards.  Ang standards (mga pamantayan) na ito ay inilaan para makonsulta ang publiko noong Mayo 31 hanggang Hulyo 31, 2024.

Mahalaga ang tungkulin ng **TECHNICAL COMMITTEES** sa proseso ng pagdibelop ng standards sa pamamagitan ng pagtulong sa PAC na magdibelop ng mga rekomendasyon para sa Minister. Ang bawat standard ay may dedikadong technical committee na binubuo ng mga indibidwal na may iba't-ibang karanasan na may layuning isalamin ang diversity ng British Columbia.

## AccessibleBC: Ang Accessibility Plan ng B.C. para sa 2022-23 hanggang 2024-25

Ang gobyerno ng province ay nirerequire na magdibelop ng accessibility plan at baguhin ito nang kahit isang beses man lamang bawat tatlong taon. Ang unang AccessibleBC Plan (ang Plan) ay dinibelop nang may input mula sa mga ministry sa buong gobyerno at ito'y inilathala noong Mayo 31, 2022. Ang plan ay naglalaman ng 37 commitments (mga pangako) at mga aksyon sa limang sektor na binibigyan ng priyoridad. Ang Accessibility Directorate ay nakikipagtulungan sa mga ministry para malaman kung ano ang kanilang mga nagawa sa pagpapatupad ng mga commitment ng Plan at ng iba pang mga inisyatibo nito sa accessibility.

## Buod ng Progress sa 2022-23 hanggang 2024-25 Accessibility Plan Pagpapatupad

Ang AccessibleBC Plan: ang 2022-23 hanggang 2024-25 ay nangangalahati na sa kanyang panahon ng pagpapatupad. Ang mga ministry sa buong gobyerno ay nagsimulang magtrabaho sa 33 ng 37 commitments sa ilalim ng limang mga sektor ng Accessibility Plan na binibigyan ng priyoridad. Ang anim sa mga aksyon na nilalaman ng Plan ay kompleto na ngayon. Nasa ibaba ang isang buod ng progress para sa bawat sektor na binibigyan ng priyoridad sa Plan.

Ang Appendix A ay may kasamang karagdagang detalyadong pag-uulat hinggil sa progress ng iba't-ibang mga ministry at mga ahensiya.

# Priyoridad 1:
# Paglikha ng isang Kultura ng Accessibility

Inireport ng mga ministry na nakompleto nila ang commitment na suportahan ang pagdibelop ng accessibility leadership sa pampublikong serbisyo. Kasalukuyang isinasagawa ang trabaho sa mga natitirang commitments para itaguyod ang isang kultura ng accessibility sa pampublikong serbisyo, mag-organisa ng events para ipaalám sa lahat ang accessibility at gamitin ang pananaw ng Gender Based Analysis plus (GBA+) para masigurado na ang mga programa ng gobyerno ay gumagana para sa mga tao.

## Mga mahahalagang bagay na nagawa:

- Sinuportahan ang Employee Accessibility Advisory Council and Accessibility Community of Practice; kabilang dito ang mga miyembro sa pampublikong serbisyo. Ang mga grupo ay nagbibigay ng feedback at nagpapalit-palitan ng impormasyon na nagbibigay-diin sa pagpapahusay ng accessibility.
- Mahigit sa 1,600 empleyado ang lumahok sa AccessAbility Week events simula pa noong 2021.
- Sinimulan ang development ng mga layunin sa accessibility sa loob ng updated corporate Equity, Diversity and Inclusion (EDI) strategy refresh, na siyang ilalathala sa 2025.
- Embedded accessibility principles sa loob ng mga EDI na istratehiya ng ministry.

- Nagdibelop ng training courses para magkaroon ng kamalayan tungkol sa GBA+, accessible na pamamahala sa mga tao, at inklusibong leadership.
- Naglaan ng resources at suporta sa mga korporasyon at mga ahensiya ng Crown na itinakda ng Accessible B.C. Regulation para tuparin ang kanilang accessibility requirements.

## Priyoridad 2:<br>Impormasyon at Komunikasyon

Ang mga ministry ay nangakong gumawa ng siyam na aksyon sa ilalim ng priyoridad na sektor na ito. Kompleto na ang mga aksyon para gawing mas accessible ang impormasyon sa publiko tungkol sa BC Parks, para lumikha ng isang fully digital intake na proseso para sa mga serbisyo ng resolusyon kapag may pagtutunggalian ang mga tenant at mga landlord hinggil sa pamamahay, at para i-modernize ang mga abiso ng local governments sa publiko, bagama't mangangailangan sila ng regular na review at updates. Patuloy ang trabaho para isulong ang natitirang anim na commitment.

### Mga mahahalagang bagay na nagawa:

- Nagdibelop at naglunsad ng mga bagong government website at impormasyon para pahusayin ang user experience at accessibility. Halimbawa, sinisigurado ng EmergencyInfoBC na malinaw ang kritikal at nakakasagip-buhay na impormasyon sa emergency at na ito'y madaling mahanap at maunawaan kapag may mga emergency ang province.

- Pinalawak ang mga magagamit na format para magtanong at makatanggap ng suporta nang matugunan ang mga pangangailangan sa komunikasyon. Halimbawa, patuloy na naglalaan sa gov.bc.ca ng impormasyon na nakasulat sa simpleng wika at sa iba't-ibang mga wika tungkol sa mga mahalagang paksa at inisyatibo sa kalusugan tulad ng COVID-19 at pagpapabakuna sa flu, HPV, respiratory season, health career access program, at ng bagong programang tinatawag na "Magpunta sa isang Pharmacist.
- Inilunsad ang BC Token para magbigay ng access sa mga online na serbisyo ng gobyerno gamit ang isang personal computer para i-access ang BC Service Card login service para sa mga táong walang smartphone, tablet o mobile device.
- Patuloy na nag-invest nang hanggang $830 milyon na joint funding ng Province at ng Canada para sa mga proyektong tumutulong na palakihin ang broadband infrastructure sa B.C.; layunin nitong konektahin ang lahat ng mga tahanan sa high-speed internet services pagdating ng 2027. Noong 2023, nangako ang gobyerno ng karagdagang $75 milyon para dagdagan nang 550 km ang highway cellular coverage.
- Sinimulan ang mga pagbabago sa My Self Serve portal na nagpapahintulot sa mga kliyente na mas madaling pamahalaan ang kanilang impormasyon at gawing mas madali ang reporting requirements para sa mga táong may mga patuloy na hadlang at para sa mga nasa pasilidad ng special care.
- Nirerequire na ispesipikong isaalang-alang ng emergency management plans ang mga paraan upang mabawasan ang mga masasamang epekto ng mga emergency sa mga táong may mga kapansanan gamit ang bagong Emergency and Disaster Management Act.

# Priyoridad 3:
# Mga Building, Imprastruktura, at mga Pampublikong Espasyo

Ang mga ministry ay nagreport ng progress sa lahat ng mga sektor sa ilalim ng priyoridad na ito at kinompleto ang integrasyon ng accessibility eligibility criterion para sa mga capital project grant program.

Kabilang sa mga kasalukuyang trabaho sa mga natitirang commitment ang infrastructure audits at mga pamumuhunan sa mga pasilidad at espasyo para sa publiko, pag-embed ng pagsasaalang-alang sa accessibility kapag nagplaplano ng mga bagong proyekto, pagbabago ng mga patakaran ng gobyerno sa procurement nang ito'y maging mas accessible, at pagsigurado ng kaligtasan at accessibility ng transportation devices at mga serbisyo.

## Mga mahahalagang bagay na nagawa:

- Bukod pa sa $17 milyon sa fiscal year 2022-23, pamumuhunan ng $4.6 milyon sa pagpapahusay ng accessibility sa emergency systems, washrooms, signage, at wayfinding.
- Nagkompleto ng mga inisyatibo para dagdagan ang accessibility ng courthouses, frontcountry campgrounds at day use areas, at correction offices at correctional facilities.
- Ang Ministry of Social Development and Poverty Reduction and ServiceBC ay nagtulungan para maglaan ng accessible front-line services sa mga taxpayer nang personal, sa telepono, at online.
- Pinagtibay ang 2024 B.C. Building Code.

- Nagsagawa ng mga pagbabago sa Motor Vehicle Act para hikayatin na magkaroon ng mas maraming iba't-ibang mga transportasyon nang may focus sa pagprotekta sa vulnerable road users.
- Pagpapatuloy ng e-mobility pilot project hanggang 2028 para asesuhin ang kaligtasan ng shared mobility devices.
- Nagsagawa ng integradong inisyatibo sa pagpaplano nang mas maitugma sa accessibility at sustainability ang pagpaplano ng transportasyon at paggamit ng lupa.
- Nagbigay ng $24.8 milyon sa Indigenous at local governments nang makibahagi sa mga proyekto ng imprastruktura nang mabigyan ng access ang mga tao sa ligtas na madaraanan buong taon.



# Priyoridad 4:
# Trabaho sa BC Public Service

Kompleto na ang tatlo sa limang mga pangako sa ilalim ng sektor ng priyoridad na ito: pagsagawa ng isang tatlong-taong istratehiya sa Diversity at Inclusion, paglaan ng resources at suporta sa mga kalahok ng Work-Able Internship Program, at pakikipagtalakayan sa mga organisasyon na naglalaan ng serbisyo sa mga may kapansanan nang ma-promote ang mga trabaho sa B.C. Public Service.  Ang ilang mga elemento ng trabahong ito ay kasalukuyang ginagawa. Patuloy ang trabahong ginagawa sa natitirang dalawang pangakong i-update ang mga patakaran sa accommodations (tulong) at magbigay ng accommodations nang makapagbigay ng karagdagang suporta sa pag-hire ng mga manager at mga aplikante sa trabaho.

## Mga mahahalagang bagay na nagawa:

- Nagdibelop ng mga bagong oportunitdad na matutunan kung ano ang accessibility at inclusive hiring.
- Nakipagtalakayan sa buong gobyerno nang mapahusay ang paglaan ng ergonomic furniture at assistive technologies para sa mga táong may mga kapansanan na nasa public service.
- Sinuportahan ang Work-Able internship, na siyang naglagay ng mahigit sa 148 interns sa mahigit sa 19 ministries, kabilang na ang paglaan bawat buwan ng mga oportunidad na matuto tungkol sa paghanap ng trabaho at pag-unlad sa karera.
- Nagdibelop ng resources para sa supervisors at mentors nang madagdagan nila ang kanilang kapasidad para ma-accommodate ang mga may kapansanan.

# Priyoridad 5:
# Paghatid ng mga Kalakal at mga Serbisyo

Kompleto na ang pangakong i-modernize ang mga programa ng StudentAid BC para suportahan ang mga estudyanteng may mga kapansanan. Ang natitirang siyam na pangako sa ilalim ng priyoridad na ito ay patuloy na isinasagawa. Kabilang sa trabahong ito ang pagpapatuloy at pag-innovate ng mga pansuportang serbisyo para sa mga bata at kabataan, pagpapabuti ng access sa edukasyon, training sa trabaho, at mga programa sa employment, pagsuporta sa mga equity program sa creative industries ng B.C., at pag-invest sa mga proyekto ng accessibility at suporta sa employment para sa industriya ng turismo sa B.C.

## Mga mahahalagang bagay na nagawa:

- Ang mga binagong patakaran ng StudentAid Accessibility Program ay nagdagdag sa Learning Disability Assessment Bursary at nag-update sa mga patakaran sa reimbursement at disbursement nang mas masuportahan ang mga estudyanteng may iba't-ibang mga hadlang.
- Naglaan ng WorkBC Assistive Technology Services sa humigit-kumulang na 1,710 WorkBC kliyente noong 2022-23.
- Ang Skills Training for Employment program para sa mga táong may mga kapansanan ay sinimulan noong 2022-23, at ang mga leksyon na ito ay isinama sa updated na programa para sa mga Indibidwal na may Iba't-ibang mga Hadlang sa Pagtratrabaho sa 2023-24.

- Naglunsad ng isang pilot program na nagsusubok ng isang bagong paraan ng pagbigay ng serbisyo na may multidisciplinary support teams sa Kelowna, Prince Rupert, Terrace, at Smithers para sa mga bata at mga kabataang nangangailangan ng suporta at para sa kanilang mga pamilya
- Naglaan sa 2022-23 ng $1.4 milyon bawat taon para sa After School Sports and Arts Initiative (ASSAI) sa 22 school districts; nagsisilbi ito sa 10,000 under-represented na kabataan at 1,300 kabataang may mga designadong kapansanan.
- Nag-anunsyo ng funding na nagkakahalaga ng $750,000 para sa B.C. filmmakers mula sa mga grupong naghahanap ng equity, kabilang na ang mga táong may mga kapansanan.
- Nakipagtulungan sa go2HR nang magbigay ng libreng serbisyo ng pagpapayo para sa mga kalakalang may kinalaman sa turismo at hospitality, nang mapabuti nila ang accessibility at inclusivity sa sektor.
- Nakipagpartner sa Indigenous Tourism B.C. para suportahan ang training at edukasyon na nagbibigay-diin sa kultura at pinamumunuan ng mga Indigenous na tao, para sa mga Indigenous na manggagawa sa turismo.
- Namuhunan noong 2022-23 sa 77 proyekto ng turismo na may kinalaman sa accessibility at nag-update sa mga kasalukuyang accessible na amenities sa turismo.

## Accessibility Feedback Tool

Ang Accessibility Feedback Tool (AFT) ay inilunsad noong Oktubre 2022 at ginawang mas mabuti noong Hulyo at Oktubre 2023 para magdagdag ng mga katanungan tungkol sa identidad nang makatulong na maunawaan ang mga sistemiko at intersectional na hadlang na nararanasan ng mga partikular na grupo kapag gumagamit sila ng mga programa at mga serbisyo ng gobyerno.

Ang tool ay naglalaan ng paraan para sa mga taga-British Columbia na magbigay ng feedback tungkol sa mga hadlang na hinaharap ng mga táong may mga kapansanan kapag ginagamit nila ang mga programa at mga serbisyo ng gobyerno. Sa pagitan ng Oktubre 2022 at Marso 2024, ang gobyerno ay nakatanggap ng 241 submissions. Ang Accessibility Directorate ay naghahanda ng AFT reports bawat tatlong taon tungkol sa feedback na natatanggap nito mula sa publiko at ibinabahagi nito ang feedback sa mga apektadong ministry.

Ginagamit ng gobyerno ang AFT data para malaman kung ano ang mga hadlang at para sila'y maanalisa, para magbahagi ng datos, at makipagtulungan sa mga partner nang mapabuti ang accessibility sa B.C. Kapag naaangkop, ang feedback na natanggap gamit ang tool ay ibinabahagi sa mga may kinalamang ministry.

Bilang pagtugon sa feedback na natanggap gamit ang tool, ang mga ministry sa buong gobyerno ay nag-adopt ng iba't-ibang mga pagbabago sa patakaran at pagpapalakad. Halimbawa, bilang pagtugon sa imprastruktura at mga pasilidad na hindi accessible, binigyan ng mga ministry ng priyoridad ang strategic investments sa mga sektor na ito para sa 2024-25, halimbawa, ang paglaan ng accessible na toilet.

Ang ibang mga ministry ay nag-draft ng technical guidelines para masigurado na ang mga serbisyo ay naibibigay sa paraang madali at komportable sa mga tanggapang humaharap sa publiko; halimbawa, sisiguraduhing may sapat na liwanag o ilaw, at babawasan ang ingay at iba pang mga bagay na nakagugulo sa komunikasyon. Bilang pagtugon sa mga hadlang sa suporta sa assistive technology, ang mga ministry ay may mga improvements na kumuha ng bagong teknolohiya at maglaan ng mga serbisyong mas accessible. Ang gobyerno ay nagsikap ding tanggalin ang mga hadlang sa komunikasyon sa pamamagitan ng paglaan ng mas maraming mga paraan ng paghatid ng serbisyo at pagsigurado na ang komunikasyon at mga patakaran ay isinasagawa sa paraang madaling maintindihan.

Ang **FEEDBACK MULA SA PUBLIKO** -- na natanggap gamit ang Accessibility Feedback Tool (AFT) -- hinggil sa mga hadlang ay klasipikado sa mga sumusunod na sektor:

- Built Environment
- Paghatid ng mga Serbisyo
- Edukasyon
- Employment
- Kalusugan
- Housing
- Impormasyon at Komunikasyon
- Transportasyon

May karagdagang impormasyon tungkol sa mga hadlang na ito na makukuha sa Accessibility Feedback Tool webpage.

# Bahagi 4: Accessibility Standards

## Accessibility Standards Development

Ang Provincial Accessibility Committee (PAC) ay nagdidebelop ng dalawang accessibility standards sa mga sektor ng Accessible Service Delivery at Employment Accessibility.

- Layunin ng Accessible Service Delivery Standard na siguraduhin na ang events, mga aktibidad, payo, at proseso ng pagbili ng mga bagay ay accessible at na sinusuportahan nito ang inclusion ng mga táong may mga kapansanan.
- Layunin ng Employment Accessibility Standard na siguraduhin na ang mga hadlang sa buong proseso employment (hiring, training, retention, atbp.) ay tinutukoy, tinatanggal, at hinahadlangan.

Ang dalawang mga standard na sektor na ito ay binigyan ng priyoridad batay sa iba't-ibang mga prinsipyo, halimbawa, dahil sila'y pangkalahatang maaaring i-apply at matutugunan nila ang mga hadlang para sa malawak na seksyon ng mga táong may mga kapansanan. Ang standards na ito ay dinebelop na ng ibang mga province. Halimbawa, ang Ontario at Manitoba ay parehong may standards sa dalawang sektor na ito at ang Accessibility Standards Canada at Nova Scotia ay kasalukuyang nagdidebelop ng standards sa mga sektor na ito.

Ito ay nagpapahintulot sa amin na gamitin ang aming karanasan, mga nagawa, at mga natutunan upang masigurado na magdidebelop ang B.C. ng mga pamantayang batay sa mga pinakamahusay na praktis.

Nirerequire ng batas ang **PROVINCIAL ACCESSIBILITY COMMITTEE** na kumonsulta ukol sa draft accessibility standards na dinidibelop nila bago nila ipresenta ang mga pangwakas na rekomendasyon sa Minister na may responsibilidad para sa Batas.

## Paglahok ng mga Indigenous na Tao

Noong buong development ng unang dalawang pamantayan sa accessibility, kinonsulta at nilahok ng Accessibility Directorate ang mga Indigenous na Tao at ang mga partner nito. Nasa mga Seksyon 16 at 19 ng Accessible British Columbia Act at sa aksyon 49 ng Declaration Act Aksyon Plan 2022- 2027 ng B.C. ang mga ispesipikong pangakong konsultahin at isaalang-alang ang mga karapatan ng mga Indigenous na Tao.

Bilang bahagi ng pangakong ito, ang gobyerno ay sumusunod sa isang paraang batay sa distinctions at kinontak nito ang Indigenous rights holders at mga organisasyon mga bawat tatlong buwan para magbigay ng mga update tungkol sa pagdibelop ng mga pamantayan. Balak ng gobyerno na patuloy na isali at konsultahin ang mga Indigenous na Tao at ang mga partner habang ipinagpapatuloy ang trabaho.

## Pamumuno ng B.C. para Itaguyod ang Pambansang Kolaborasyon sa Accessibility

Ang gobyerno ay patuloy na nakikipagtulungan sa ibang mga hurisdiksyon sa buong Canada upang magtulungan sa mga pagsisikap upang itaguyod ang accessibility.

Ang Accessibility Directorate ay patuloy na nakikipagtulungan sa Accessibility Standards Canada para koordinahin at makipagtulungan sa accessibility mandates at sa mga layunin. Sa nakaraang taon ay nagtanghal sila ng mga pagpupulong bawat buwan upang magbigayan ng kaalaman at ng mga pinakamainam na praktis para bawasan at tanggalin ang pagdoble ng resources at mga pagsisikap, at para magbahagi ng mga update at progress sa mga inisyatibo sa accessibility.

Ang Ministry of Social Development and Poverty Reduction, ay co-chair ng Pan-Canadian Forum on Accessibility Standards; ito'y isang pagpupulong ng mga opisyal mula sa mga province at mga teritoryo sa buong Canada para magdibelop ng isang pinagsamang pag-unawa sa mga pamantayan sa accessibility sa bansa at para koordinahin ang mga pagsisikap ng iba't-ibang mga hurisdiksyon.



Pinamumunuan din ng Accessibility Directorate ang Federal-Provincial/Territorial (F-P/T) Open Forum on Accessibility, na siyang nagbibigay ng impormasyon upang magbahagi ng mga update sa accessibility sa iba't-ibang mga hurisdiksyon at kaalaman tungkol sa accessibility sa buong mundo. Bukod pa rito ay inimbita silang sumali sa delegasyon ng Canada sa ika-16 na Komperensiya ng mga Partido ng mga Estado sa Convention on the Rights of Persons with Disabilities (UNCRPD), na siyang isinagawa mula Hunyo 13 hanggang Hunyo 15, 2023 sa the United Nations (UN) headquarters sa New York.

**PINULUNGAN NG UN ANG TAUNANG EVENT** para talakayin ang pagsasagawa ng UNCRPD at para magbigay sa mga bansa, sa mga organisasyon ng sibil na lipunan, at sa mga eksperto sa mga karapatan ng mga táong may kapansanan ng oportunidad na matutunan ang iba't-ibang mga paksa. Ang B.C. ay isa sa dalawang provinces na dumalo bilang bahagi ng delegasyon mula sa Canada at gagamitin nito ang mga natutunan sa event na ito upang magtatag ng accessibility sa loob ng province.

# Appendix 1: Accessibility Plan Reporting 2022-23, 2023-24

Ang Appendix na ito ay nagbibigay ng detalyadong progress update tungkol sa pagpapatupad ng AccessibleBC: B.C.'s Accessibility Plan 2022-23 – 2024-25 (ang Plan). Kasama sa update ang mga aksyon na isinagawa ng 12 ministry at isang ahensiya sa buong gobyerno nang maisagawa ang 37 mga pangako sa ilalim ng bawat isa sa limang mga priyoridad ng AccessibleBC.

## Priyoridad 1: Paglikha ng Kultura ng Accessibility

| Aksyon | Ministry | Progress hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **1.1** Pag-apply ng isang Gender Based Analysis plus lens (GBA+) para asesuhin kung paano kaya mararanasan ng iba't-ibang mga klaseng grupo ang mga patakaran, mga programa, at mga inisyatibo ng gobyerno<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **FIN**<br>**(Ministry ng Pananalapi)** | ➢ Sinigurado na ang policy branches ay may GBA+ analysis procedure.<br>➢ Nirequire na ang GBA+ ay dapat isaalang-alang sa lahat ng mga submission sa Cabinet at Treasury Board submissions.<br>➢ Nagdibelop ng specialized training courses bilang suporta sa pagpapatupad. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **1.2** Paghatid at paghikayat sa staff na lumahok sa events na nagbibigay-alam, kabilang na ang AccessAbility Week (May/ Hunyo), Disability Employment Awareness Month (Setyembre), Registered Disability Savings Plan Awareness Month (Oktubre), Indigenous Disability Awareness Month (Nobyembre) at ang International Day of Persons with Disabilities (Disyembre 3).<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSA**<br>**(Ahensiya para sa Pampublikong Serbisyo)** | ➢ Sinuportahan ang paghatid ng accessible presentations at events tungkol sa kapansanan, para sa mahigit sa 1,600 empleyado sa pampublikong serbisyo.<br>➢ Naglathala ng mga nauugnay na artikulo para magbigay-alam. |
| **1.3** Nagdidibelop ng isang Being Accessible Strategy para magbigay-alam, magtaguyod ng kultura ng accessibility, at para dagdagan ang kapasidad para sa Ahensiya ng Pampublikong Serbisyo at mga kinatawan ng ahensiya para maghatid ng mga serbisyong mas accessible.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSA** | ➢ Sinimulan ang trabaho sa isang refresh ng Where We All Belong, corporate Equity, Diversity at Inclusion Strategy, na siyang maglalaman ng mga inisyatibo sa accessibility nang maitaguyod ang accessibility at madaragdagan ang kapasidad. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **1.4** Sinusuportahan ang accessibility leadership sa pampublikong serbisyo sa pamamagitan ng Employee Accessibility Advisory Council at ng Accessibility Community of Practice. Kabilang sa mga miyembro ng grupong ito ang mga public servant na nais manatiling up-to-date sa mga pinakamainam na praktis para sa accessibility at inclusivity.<br>**Kompleto na** | **PSA** | ➢ Sinuportahan ang Employee Accessibility Advisory Council, na siyang may 40 kinatawan mula sa 14 ministry.<br>➢ Sinuportahan ang koordinasyon at paghatid ng maraming events bawat taon para suportahan ang pamumuno at pagkakaroon ng kaalaman tungkol sa accessibility. |

## Priyoridad 2: Impormasyon and Communications

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **2.1(a)** Dagdagan ang bilang ng virtual service offerings para sa justice services.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **AG (Ministry ng Attorney General)** | ➢ Hinihikayat ang inklusibo at accessible user na pakikipagtalakayan sa research nang magdibelop at pahusayin ang paghatid ng serbisyo.<br>➢ Nagsulong at nagsagawa ng maraming virtual service options. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **2.1(b)** Paglikha ng isang fully digital intake process para sa mga serbisyo sa resolusyon sa mga pagtutunggali ng tenants at landlords tungkol .sa housing<br><br>**Kompleto na** | **HOUS**<br>**(Ministry ng Pamamahay)** | ➢ Ang virtual Dispute Management System ay nilunsad noong Marso 2023.<br>➢ Nilunsad ng Residential Tenancy Branch ang mga serbisyo sa interpretation sa mahigit sa 200 wika noong 2023 upang gawing mas accessible ang proseso ng resolusyon sa mga pagtutunggali.<br>➢ Sa tulong ng Ministry of Citizens' Services, binago ng Residential Tenancy Branch ang nilalaman ng kanyang website noong 2023 para gawing mas simple at mas accessible ang wika nito sa lahat ng mga partido. |
| **2.2** Funding partnership sa Gobyerno ng Canada para ikonekta sa high-speed internet hanggang sa 2027 ang lahat ng mga natitirang sambahayan sa mga liblib na lugar sa province.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **CITZ**<br>**(Ministry ng mga Serbisyo sa Mamamayan)** | ➢ Ang joint funding agreement ng B.C. at Canada<br>➢ na nagkakahalaga ng $830 milyon ay suporta para makonekta sa high-speed internet ang under-served na mga tahanan sa province.<br>➢ Simula noong 2017, 208 connectivity projects ang nakatanggap ng pondo mula sa Province.<br>➢ Ang karagdagang $75 milyon na inanunsyo noong 2023 ay suporta para sa expansion ng cellular services sa 550 kilometro ng highway. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **2.3** Redesign ng government online public services at web pages para gawin silang mas streamlined at mas accessible. Sinigurado na ang websites ng gobyerno ay tumutupad sa Web Content Accessibility Guidelines, level AA.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **CITZ** | ➢ Nagdibelop ng bagong website na may mas mahusay na accessibility, user experience, at mobile optimization.<br>➢ Sinuportahan ang pagdibelop ng website na magbibigay ng impormasyon kung may emergency, nang may mas mahusay na accessibility, user experience, at mobile optimization.<br>➢ Kasalukuyang nagdidebelop ng isang web accessibility roadmap bilang suporta sa pagdibelop ng accessible website features at content para sa lahat ng mga ministry. |
| **2.4** Tinatanggal ang mga hadlang sa proseso ng identity verification ng BC Services Card, na siyang nagbibigay ng access sa mga serbisyo ng gobyerno para sa B.C. residents.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **CITZ** | ➢ Nilunsad ang BC Token system para pahintulutan ang users na mag-access ng online services nang hindi gumagamit ng mobile device na nagsusuporta sa BC Services Card application.<br>➢ Nilunsad ang isang bagong feature para suportahan ang mga indibidwal na hindi kasalukuyang eligible para sa isang BC Services Card para mag-access ng mga kritikal na serbisyo.<br>➢ Dinagdagan ang listahan ng mga aprobadong secondary ID; kasali na rito ang dalawang Indigenous identity cards. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **2.5** Pagpapahusay ng accessibility ng pampublikong impormasyon tungkol sa BC Parks, kabilang na ang reformatting at pag-update ng content para gawin itong simpleng wika.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **ENV**<br>**(Ministry ng Kapaligiran at Istratehiya para sa Pagbabago sa Klima)** | ➢ Pinahusay ang website accessibility sa pamamagitan ng pagdibelop ng mga bagong patnubay sa website para sa BC Parks at pag-update ng kasalukuyang content tungkol sa bcparks.ca para tumupad sila sa mga bagong pamantayan.<br>➢ Dinagdagan ang mga paraan para ma-access ng publiko ang impormasyon. |
| **2.6** Pakikipagtulungan sa First Nations at sa mga lokal na gobyerno para pahusayin ang disenyo ng mga emergency plan nang maisaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga táong may mga kapansanan.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **EMCR**<br>**(Ministry ng Pamamahala sa Emergency at Pagiging Handa para sa Klima)** | ➢ Binago ang program guide para sa Emergency Support Services nang magsama ng isang seksyon tungkol sa pagsuporta sa mga vulnerable na evacuees.<br>➢ Nagdibelop ng survey para tasahan ang mga serbisyong kinakailangan ng mga indibidwal na nagsasabing sila'y may kapansanan. |
| **2.7** Ginawang moderno ang requirements para sa mga pampublikong abiso ng local governments upang maabot nila ang pinakamaraming bilang ng mga tao sa kanilang mga komunidad.<br><br>**Kompleto na** | **MUNI**<br>**(Ministry ng mga Usapin sa Munisipyo)** | ➢ Ang mga pagbabago sa requirements sa pampublikong abiso ng local governments ay isinagawa noong 2022.<br>➢ Maraming local governments ang nagpatibay ng isang public notice bylaw para mas marami silang mga táong maaabot. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **2.8** Pagsuporta sa pagpapahusay ng bilang ng formats na available at paghanap ng mga oportunidad para pabutihin ang access sa mga library.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **MUNI** | ➢ Dahil sa strategic investments na ginawa noong 2020 at 2022 ay dumami nang 10% ang accessible titles sa public libraries at dumami rin ang bilang ng mga hiniram na alternative format materials.<br>➢ 52 public library websites at ang BC Summer Reading Club site ay na-audit at binago para gawing mas accessible. |
| **2.9** Pagpapahusay sa accessibility ng online My Self Serve portal na ginagamit ng mga táong tumatanggap ng income at disability assistance.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **SDPR (Ministry ng Development ng Lipunan at Pagbawas sa Karalitaan)** | ➢ Na-update ang sistema para pahintulutan ang recipients na magdagdag ng bagong impormasyon o magwasto ng dating pahayag, at binago ang requirement para sa buwanang report ng recipients na kwalipikado para sa Persons with Persistent Multiple Barriers (PPMB) at/o recipients na nasa isang special care facility.<br>➢ Ginawan ng upgrade ang mga kiosk na ginagamit ng mga kliyente sa mga tanggapan ng ministry para mapahusay ang accessibility.<br>➢ Ginawang mas madali ang proseso ng rehistrasyon sa WorkBC Online Employment Services para ma-access ito ng mga kliyente sa B.C. na naghahanap ng trabaho. |

## Priyoridad 3: Imprastruktura ng mga Building at ang Pampublikong Espasyo

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **3.1** Patuloy na pag-retrofit at pagpapahusay ng accessibility sa courthouses.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **AG** | ➢ Ginawang mas mahusay ang accessibility ng imprastruktura sa Cranbrook registry counter at sa Vernon Law Courts.<br>➢ May mga kasalukuyang isinasagawang accessibility enhancement projects sa iba't-ibang courthouses sa buong province. |
| **3.2** Kinikilala kung ano, binibigyan ng priyoridad, at pinaplano ang mga pamumuhunan para mapahusay ang accessibility sa mga espasyo ng gobyerno.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **CITZ** | ➢ Mahigit sa $200 milyong strategic investments ang ginawa sa mga pasilidad ng gobyerno noong 2022-23.<br>➢ Namuhunan ng $17 milyon noong 2022-23 sa pagpapahusay ng accessibility, lalo na para sa emergency systems, washrooms, signage, at mga karatula sa paghanap ng daan.<br>➢ Noong 2023-24, humigit-kumulang sa $4.6 milyon ang pinamuhunan sa pagpapahusay ng accessibility sa parehong mga lugar na may priyoridad. |
| **3.3** Trabaho sa accessibility upgrades sa lahat ng front country parks at pakikipagpartner sa community groups para bumili ng adaptive equipment.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **ENV** | ➢ Patuloy na pamumuhunan para pahusayin ang accessibility sa frontcountry campgrounds at day use areas, kabilang na ang imprastruktura, washrooms, and trails.<br>➢ Pag-update sa facility standards para masigurado na magkakaroon balang araw ng full accessibility sa mga lugar. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **3.4** Patuloy na trabaho para magsama ng accessibility criteria sa mga patakaran at mga praktis sa procurement.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **FIN**<br>**(Ministry ng Pananalapi)** | ➢ Gumawa ng draft ng patakaran sa procurement para suportahan ang pantay-pantay at accessible na access.<br>➢ Gumawa ng draft ng corporate solicitation templates na may mga pagpapahusay sa accessibility; ito'y kasalukuyang sinusuri alinsunod sa batas.<br>➢ Nakipagtulungan sa contractors para masigurado ang front-line na serbisyo sa mga táong nagbabayad ng buwis ay personal na accessible, o accessible sa telepono at online. Bukod pa rito, isinagawa ang paggamit ng assistive technology para suportahan ang mga táong may mga hadlang sa komunikasyon. |
| **3.5** Nagbibigay ng suporta sa mga táong may mga kapansanan nang maiakma nila ang kanilang mga tahanan para mapahusay ang accessibility gamit ang BC Rebate for Accessible Home Adaptations.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **HOUS** | ➢ Isinagawa ang rebate program na may taunang budget na $5 milyon; ito'y pinamamahalaan gamit ang BC Housing para suportahan ang gawing accessible ang mga tirahan.<br>➢ Mayroong 481 aprobadong files noong 2021-22. Mayroong 339 aprobadong files noong 2022-23. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
| --- | --- | --- |
| **3.6** Pagtaguyod ng accessibility sa mga building. Para gawin ito, ang accessibility ay ginagawang eligibility criterion para makatanggap ng funding para sa capital projects sa ilalim ng grant programs para sa local governments at sa not-for-profit na mga organisasyon.<br>**Kompleto na** | **MUNI** | ➢ Ang accessibility ay eligibility criterion na ngayon para sa lahat ng assets para sa publiko sa ilalim ng capital grant programs.<br>➢ 93 aprobadong proyekto na may Accessibility Facing Indicator (AFI) ang tumupad sa Accessibility Met Indicator (AMI). |
| **3.7** Pakikipagtulungan sa local governments at sa mga táong may mga kapansanan para masigurado ang ligtas na paggamit ng shared mobility devices tulad ng electric scooters.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **MOTI** **(Ministry ng Transportasyon at Imprastruktura)** | ➢ Gumawa ng mga pagbabago sa Motor Vehicle Act para hikayatin ang pagkakaroon ng mas maraming mga uri ng transportasyon, na nagbibigay-diin sa pagprotekta sa mga gumagamit ng daan na nangangailangan ng karagdagang tulong.<br>➢ Pagpapatuloy ng e-mobility pilot project hanggang sa 2028 para asesuhin ang kaligtasan ng e-mobility. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **3.8** Patuloy na pagbigay ng funding para sa Indigenous at local governments para gumawa ng mga mas integrado at aktibong sistema ng transportasyon batay sa mga prinsipyo ng universal design.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **MOTI** | ➢ Paggawa ng isang integradong inisyatibo sa pagpaplano para m maitugma ang pagpaplano ng transportasyon at paggamit ng lupa para sa accessibility at sustainability.<br>➢ Pagsuporta sa patuloy na istratehiya nang doblehin ang persentahe ng mga biyahe gamit ang aktibong transportasyon, na may pagbibigay-diin sa accessibil sa pagdisenyo ng mga serbisyo s aktibong transportasyon.<br>➢ Naggawad ng $24.8 milyon sa Indigenous at local governments para makibahagi sa gastos ng m proyekto ng imprastuktura nang mapahintulutan ang mga tao na magkaroon ng ligtas na mga daanan para sa pagbibiyahe sa buong taon. |
| **3.9** Isama ang contemporary design at mga pagpapahusay sa accessibility kapag nagre-renovate o kapag pinapalitan ang mga lumang B.C. Corrections facilities. Halimbawa, inaasahang makompleto ang Nanaimo Correctional Centre Replacement Project sa 2024.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSSG**<br>**(Ministry ng Kaligtasan ng Puliko at ng Solicitor General)** | ➢ Integradong pagsasaalang-alang sa accessibility sa pagpaplano at pagdisenyo ng mga tanggapan ng community corrections, pagtatag ng bagong correctional centres, at pag-renovate at pag-upgrade ng kasalukuyang correctional centres. |

## Priyoridad 4: Pagtratrabaho sa BC Public Service

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **4.1** Pagsagawa ng "Where We All Belong", ang aming tatlong-taong istratehiya sa diversity at inclusion para masigurado na sinasalamin ng pampublikong serbisyo ang province at na ito'y inklusibo sa mga Indigenous na Tao, mga minority na komunidad, mga imigrante, mga táong may mga kapansanan, at LGBTQ2S+ community.<br>**Kompleto na** | **PSA** | ➢ Nagdibelop ng bagong mga oportunidad para magbigay ng kaalaman sa mga korporasyon hinggil sa accessibility at inklusibong hiring.<br>➢ Pinalawak ang benefit plan nang mas masuportahan ang iba't-ibang karanasan ng empleyado.<br>➢ Itinakda ang accountability sa paglikha ng mga inklusibong lugar ng trabaho sa pamamagitan ng mandate letters at performance feedback. |
| **4.2** Lumikha ng isang centralized na sistema nang mas masuportahan ang pag-hire sa mga manager at mga aplikante sa trabaho sa B.C. Public Service hinggil sa accessibility at accommodation.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSA** | ➢ Nagdidebelop ng recruitment management tools habang isinasaalang-alang ang accessibility.<br>➢ Sinusubukan ang isang tool bilang suporta sa accommodations para sa mga supervisor at mga empleyado. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **4.3** Naglalaan ng pagtuturo, coaching, at mentorship sa mga empleyadong humaharap ng mga hadlang nang sila'y makakuha ng trabaho sa pamamagitan ng Work-Able Internship Program. Ang Work-Able ay isang 12-buwan na may bayad na internship sa B.C. Public Service para sa mga kamakailan lamang na nakatapos ng post-secondary (sa loob ng nakaraang tatlong taon) na nagpapahayag na sila'y may kapansanan.<br>**Kompleto na** | **PSA** | ➢ Sinuportahan ang Work-Able internship, na siyang naglagay sa mahigit sa 148 interns sa mahigit sa 19 na ministry.<br>➢ Nagdibelop ng resources para sa mga supervisor at mga mentor nang maitatag nila ang kanilang kapasidad habang isinasaalang-alang ang kapansanan at accommodations.<br>➢ Nagbigay ng mga oportunidad sa mga intern upang matuto tungkol sa paghahanap ng trabaho at pag-unlad sa karera. |
| **4.4** Outreach sa mga organisasyon na naglalaan ng mga serbisyo sa mga may kapansanan, upang itaguyod ang mga trabaho sa loob ng B.C. Public Service.<br>**Kompleto na** | **PSA** | ➢ Binigyang priyoridad ang outreach sa mga grupong dapat lamang tratuhin nang pantay; may 13 events na nakaiskedyul sa 2023-24.<br>➢ Kinompleto ang research tungkol sa ibang mga accessibility na organisasyon na nag-aalok ng mga serbisyo sa employment. |
| **4.5** Pagrebyu, at kung saan kinakailangan, pag-update ng kasalukuyang patakaran at mga pamamaraan na nagbibigay-galang sa tungkuling mag- accommodate, at iba pang mga obligasyon sa karapatang pantao, at pagsigurado na may training at suportang makukuha ang staff at mga manager na nagha-hire.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSA** | ➢ Nakipagtalakayan sa mga ministry sa buong gobyero para pahusayin ang paglaan ng ergonomic furniture sa pampublikong espasyo para sa mga táong may mga kapansanan.<br>➢ Nakipagtalakayan sa mga ministry para pahusayin ang paglaan ng assistive technologies sa pampublikong espasyo para sa mga táong may mga kapansanan. |

## Priyoridad 5: Paghatid ng mga Kalakal at Serbisyo

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **5.1** Pag-modernize sa mga programang pinamamahalaan ng StudentAid BC para tugunan ang mga hadlang na hinaharap ng mga estudyanteng may mga kapansanan kapag kumukuha sila ng post- secondary education.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **PSFS**<br>**(Ministry ng Post-Secondary na Edukasyon at Skills para sa Kinabukasan)** | ➢ Binago ang patakaran ng StudentAid BC Accessibility Program para tugunan ang di-pagkakapantay-pantay.<br>➢ Dinagdagan ang halaga ng Learning Disability Assessment Bursary.<br>➢ Pinagpatuloy at pinalawak ang Program for Institutional Loan of Assistive Technology. |
| **5.2** Pagsimula ng family connections centres nang mabigyan ang mga pamilya ng mga accessible at inklusibong serbisyo para sa mga bata at kabataang nangangailangan ng suporta, nang hindi kinakailangan ang referral o diyagnosis.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **MCFD**<br>**(Ministry ng mga Bata at ng Development ng Pamilya)** | ➢ Sinimulan ang isang pilot program testing ng isang paraan ng pagbigay ng serbisyo para sa mga bata at kabataang nangangailangan ng suporta, at para rin sa kanilang mga pamilya, sa Kelowna, Prince Rupert, Terrace, at Smithers.<br>➢ Ang centres ay naglalaan ng iba't-ibang mga serbisyong hinahatid ng multidisciplinary teams; ang mga ito'y maaaring i-access nang hindi kasama MCFD. |
| **5.3** Pag-redesign ng inisyatibo sa Specialized Homes and Support Services para pahusayin ang access sa key prevention at early intervention support para sa mga bata at kabataan, kabilang na ang respite, low-barrier stabilization, emergency care, at long-term specialized care.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **MCFD** | ➢ Nagdidebelop ng bagong paraan para maghatid ng mga serbisyo at pangangalaga sa mga bata at kabataan.<br>➢ Kasalukuyang nakikipagtalakayan sa publiko para magbigay-kaalaman tungkol sa mga bagong sistema at mga paraan ng pagsuporta sa mga bata at kabataang nangangailangan ng suporta. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **5.4** Patuloy na paghatid sa mga programa ng Workforce Development Agreement upang magbigay ng suporta sa accessibility supports, ng adaptive technology, at ng iba pang mga paraan upang tanggalin ang mga hadlang para sa mga táong may mga kapansanan sa kanilang training o pagtratrabaho.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **SDPR**<br>**PSFS** | ➢ Ang Skills Training for Employment and Skilled Trades BC Apprenticeship Program ay nagsagawa ng mga programa sa 2022-23 para sa mga táong may mga kapansanan.<br>➢ Ang mga leksyon na natutunan mula sa mga programang ito ay isasali sa mga programa para sa mga miyembro ng mga grupong dapat lamang tratuhin nang pantay.<br>➢ Ang mga táong may mga kapansanan ay karapat-dapat na makatanggap ng mga interbensyon na inakma para sa kanila nang tulungan silang humanap at magpanatili ng trabaho, kabilang na ang paglaan ng suporta sa trabaho para sa mga may kapansanan, hal., adaptive equipment at computer software. |
| **5.5** Pamumuhunan sa tourism training grants nang magbigay ng karagdagang access sa mga mga estudyante para mabigyan sila ng oportunidad sa post-secondary at trades training. Ang mga aplikasyon mula sa mga grupong under-represented ay bibigyan ng priyoridad: Indigenous, mga imigrante o refugee na estudyante, mga estudyante sa rural o liblib na lokasyon, at mga estudyanteng nangangailangan ng accessibility.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS**<br>**(Ministry ng Turismo, Sining, Kultura, at Isport)** | ➢ Nakipagpartner sa Indigenous Tourism B.C. para suportahan ang training na pinamumunuan ng mga Indigenous na tao at na nagbibigay-diin sa kultura, at suportahan ang mga oportunidad sa edukasyon para sa mga Indigenous na manggagawa sa turismo. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **5.6** Pagpapatuloy ng suporta sa mga táong may mga kapansanan na nagtratrabaho sa lahat ng mga sektor ng creative economy ng B.C., halimbawa sa pamamagitan ng ng weighted criteria at pagbigay ng priyoridad sa pag-allocate ng funding para sa mga programa ng Amplify BC.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS** | ➢ Sinuportahan ang Creative BC sa pagdibelop ng Creative Equity Roadmap, na siyang naglalaan ng resources para suportahan ang inclusion sa film industry ng mga táong may mga kapansanan. |
| **5.7** Pagdagdag sa access sa funding para sa mga bagong B.C. filmmakers na dapat lamang tratuhin nang pantay, kabilang na ang mga táong may mga kapansanan, gamit ang Equity and Emerging Development Program.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS** | ➢ Inanunsyo ang $750,000 na funding para sa B.C. filmmakers mula sa mga grupong karapat-dapat lamang tratuhin nang pantay, kabilang na ang mga táong may mga kapansanan (gamit ang Equity and Emerging Development Program). |
| **5.8** Pagpapatuloy ng After School Sport and Arts Initiative na naglalaan ng libreng isport, pisikal na aktibidad, at mga oportunidad sa creative arts para sa mga táong humaharap ng hadlang sa paglahok, ito'y sa tulong ng dedikadong accessibility funding.<br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS** | ➢ Naglaan ng $1.4 milyon bawat taon para sa After School Sports and Arts Initiative (ASSAI) sa 22 school districts.<br>➢ Noong 2022-23, 10,000 under-represented na kabataan ang lumahok sa ASSAI, kabilang na ang 1,300 kabataang may mga designadong kapansanan. |

| Aksyon | Ministry | Progress Hanggang sa Ngayon |
|---|---|---|
| **5.9** Pagtaguyod sa B.C. bilang isang inklusibo at mapagtanggap na destinasyon para sa lahat sa pamamagitan ng Strategic Framework for Tourism sa B.C. Sinusuportahan ng framework ang industriya ng turismo sa paglikha at pag-akma ng mga produkto, mga serbisyo at mga karanasan sa turismo na inklusibo at accessible sa lahat.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS** | ➢ Namuhunan sa 2022-23 sa pag-upgrade ng mga kasalukuyang proyekto at paglikha ng mga bagong proyekto sa turismo na may kinalaman sa accessibility.<br>➢ Naglaan ng impormasyon sa accessibility impormasyon tungkol sa amenities, attractions, at experiences na may kinalaman sa pagbiyahe.<br>➢ Naglaan ng tools at resources para tulungan ang mga kalakal sa turismo na maging mas accessible at mas inklusibo. |
| **5.10** Pakikipagtulungan sa Destination BC at sa mga partner sa industriya, kabilang na ang go2HR, para tugunan ang kakulangan ng mga manggagawa sa industriya ng turismo sa pamamagitan ng pagtaguyod sa pag-hire ng mga táong may mga kapansanan, mga bagong imigrante, kabataan, at mga táong nangangailangn ng karagdagang tulong.<br><br>**Kasalukuyang Isinasagawa** | **TACS** | ➢ Naglaan ng tools at resources para tulungan ang mga kalakal sa turismo na mag-hire nang mas inklusibo at lumikha ng inklusibong kultura sa lugar ng trabaho.<br>➢ Nakipagtulungan sa go2HR upang magbigay ng libreng pagpapayo sa mga kalakal sa turismo at hospitality para pahusayin ang accessibility at inclusivity. |

## Accessibility Feedback Tool

Ang feedback na natanggap gamit ang Accessibility Feedback Tool ay ibinabahagi sa may kinalamang ministry. Ang mga ministry ang siyang magpapasiya kung paano nila gustong tumugon sa feedback. Sa ilang mga kaso, proactive na inireport ng mga ministry ang mga pagbabagong ginawa nila bilang pagtugon sa natanggap na feedback.

| Ministry | Feedback mula sa Publiko | Aksyon |
|---|---|---|
| ENV | Mga alalahanin sa kakulangan ng accessible na washroom facilities sa isang takdang lugar. | ➢ Bilang pagtugon sa feedback, binigyang-priyoridad ng ministry ang upgrading ng toilet facilities para tuparin ang accessible standard na nakabalangkas sa 2024-2025 Accessible Infrastructure Project. |
| CITZ | Mga alalahanin sa built environment and service delivery at a public-facing service office. | ➢ Tumugon ang ministry sa pamamagitan ng paglunsad ng istratehiya sa pagpapahusay ng mga pasilidad at ng bagong technical standards para sa in-person facilities. |
| CITZ | Mga alalahanin sa kakulangan ng accessibility kapag ang staff sa pampublikong serbisyo ay nangailangan ng assistive technology at mga may kinalamang suporta. | ➢ Ang ministry ay nagsagawa ng imbestigasyon. Dahil din sa mga hadlang sa accessibility, ang mga serbisyong ito ay ibinigay ng isang bagong provider noong spring 2024, nang may mga bagong patakaran sa pagbigay ng assistive technology. |
| CITZ | Ang meeting rooms ay walang accessible na meeting technology. | ➢ Nagbigay ng request at naghintay ng mga update na kinakailangan para sa pagpapatupad. |
| EMCR | Ang impormasyon at mga serbisyo hinggil sa pamamahala ng emergency ay hindi accessible. | ➢ Ang mga pagbabagong kamakailan lamang ginawa sa impormasyon ukol sa emergency at sa suporta sa serbisyo ay tumugon sa mga binanggit na hadlang. |
| PSA | Mga alalahanin sa kakulangan ng mga accessible na paraan upang makakuha ng suporta. | ➢ Dinagdagan ng service provider ang mga paraan ng pag-access ng mga tao sa mga serbisyo. |

| Ministry | Feedback mula sa Publiko | Aksyon |
|---|---|---|
| **PSA** | Mga alalahanin hinggil sa kakulangan ng impormasyon hinggil sa mga partikular na kapansanan. | ➢ Bilang pagtugon sa alalahanin, ang ministry ay aktibong nagdidebelop ng mga bagong materyales para pahusayin ang kaalaman at edukasyon hinggil sa paksang ito. |
| **PSA** | Mga alalahanin hinggil sa hindi malinaw o exclusionary na wika kapag nakikipagkomunika sa mga maaaring maging aplikante. | ➢ Ito'y dating tinukoy na dapat baguhin at nagdidebelop ng updated training at resources para tugunan ang mga hadlang na ito. |
| **PSSG** | Mga alalahanin hinggil sa kakulangan ng awareness at hindi accessible na impormasyon hinggil sa Guide and Service Dog Act. | ➢ Ang resources na binanggit sa feedback ay kamakailan lamang binigyan ng update nang tumupad sa mga pamantayan ng accessibility. Tinukoy din ng ministry ang mga kasalukuyang pagsisikap para turuan at bigyan ng impormasyon ang service providers at ang publiko tungkol sa Guide and Service Dog Act. |




BRITISH COLUMBIA